UNIVERSITY OF CALIFORNIA, IRVINE
Patalastas ng mga Karapatan ng Taong Kasali sa Eksperimento

Ang mga karapatang nakalista sa ibaba ay karapatan ng bawat taong inanyayahang sumali sa isang pasaliksik na pagsusuri. Kayo ay may karapatang:

1. Ipaalam sa inyo ang uri at ang dahilan ng pagsusuri.

2. Ipaalam sa inyo ang mga hakbangin na susundin sa pasaliksik na pagsusuri, at kung ang alinman sa mga gamot, mga instrumento o mga hakbangin ay naiiba sa mga ginagamit sa karaniwang pamamaraan.

3. Tumanggap ng pagsasalarawan ng anumang iba pang epekto na karaniwang hindi kanais-nais [side effects], mga kahirapan, o mga peligro na makatwiran ninyong maaasahang mangyari sa panahon ng pagsusuri.

4. Ipaalam sa inyo ang anumang pakinabang na makatwiran ninyong maaasahan mula sa inyong pagsali sa pagsusuri, kung naaangkop.

5. Tumanggap ng pagsasalarawan ng anumang iba pang magagamit na hakbangin, gamot o instrumento na maaaring makatulong, at ang mga peligro at mga pakinabang ng mga ito kung ikukumpara sa mga iminumungkahing hakbangin, gamot o instrumento.

6. Ipaalam sa inyo kung anong uri ng panggagamot, kung mayroon man, ang nakahanda kung sakali mang magkaroon ng anumang komplikasyon.

7. Mabigyan ng pagkakataong magtanong ng anumang katanungan tungkol sa pasaliksik na pagsusuri kapwa bago kayo sumang-ayon na sumali at sa anumang oras habang isinasagawa ang pagsusuri.

8. Tumanggi sa pagsali sa pasaliksik na pagsusuri. Ang pagsali ay sa sariling kagustuhan. Maaari ninyong tanggihang sagutin ang anumang katanungan o hindi ipagpatuloy ang inyong pagkakasali sa anumang oras na walang kaparusahan o pagkawala ng mga benepisyo na karapat-dapat sanang mapasainyo. Hindi maaapektuhan ng inyong desisyon ang inyong karapatang tumanggap ng pangangalagang matatanggap sana ninyo kung kayo ay hindi kasali sa eksperimento.

9. Tumanggap ng kopya ng nakasulat na form ng pagsang-ayon na may pirma at petsa at ng kopya nitong form.

10. Mabigyan ng pagkakataong magdesisyon nang malaya, na walang anumang pamumuwersa, pamimilit o di-wastong impluwensya, kung sasang-ayunan ko o hindi ang pagsali sa pasaliksik na pagsusuri.

Kung kayo ay mayroong anumang ikinababahala o katanungan tungkol sa pasaliksik na pagsusuri, dapat ninyong kontakin ang pangkat ng mga tagapagsuri na nakalista sa bandang itaas ng form para sa pagsang-ayon.

Kung hindi ninyo makontak ang isang myembro ng pangkat ng mga tagapagsuri at kayo ay may mga karaniwang katanungan; o kayo ay may ikinababahala o reklamo tungkol sa pasaliksik na pagsusuri o sa pangkat ng mga tagapagsuri; o may mga katanungan kayo tungkol sa inyong mga karapatan bilang taong kasali sa isang pagsasaliksik, mangyaring kontakin ang Human Research Protections Program ng UCI na nasa Office of Research Administration sa pamamagitan ng pagtawag sa (949) 824-6068 o sa (949) 824-2125 Lunes – Biyernes, 8 nu – 5 nh; o sa pamamagitan ng e-mail sa IRB@rgs.uci.edu; o sa pamamagitan ng pagsulat sa amin sa University Tower - 4199 Campus Drive, Suite 300, Irvine, CA 92697-7600.